ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# PAGGALUGAD SA LOKAL NA INDUSTRIYA NG MUSIKA TUNGO SA KONTEKSTWALISADO AT NAKAUGAT-SA-KULTURA NA PAGTUTURO NG FILIPINO SA SENIOR HIGH SCHOOL-ALTERNATIVE LEARNING SYSTEM

**Cary B. Escabarte [1], Fe N. Conui [2]**
*[1]Senior High School Teacher, Dr. Cecilio Putong National High School- Senior High School, Cabawan, Tagbilaran City, Bohol, Philippines*
*[2]Graduate Studies Professor, Holy Name University, Tagbilaran City, Bohol, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra27031
**DOI No: 10.36713/epra27031**

## ABSTRAK

*Layunin ng pag-aaral na ito na makapagdisenyo ng isang kontekstwalisado at nakaugat-sa-kulturang kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino batay sa mga piling awitin ni Joseph C. Gara para sa mga mag-aaral ng Senior High School–Alternative Learning System (ALS). Tinutukoy nito ang nangingibabaw na kultural na pagpapahalaga at dimensyong pantao sa mga awitin, ang pag-uugnay ng mga ito sa mga kompetensi sa kurikulum, ang pagbuo ng kagamitang pampagtuturo, at ang pagsusuri sa antas ng balidit at pagtanggap nito mula sa mga guro at mag-aaral.*

*Ginamit sa pag-aaral ang pinagsanib na pamamaraang kwalitatibo at kwantitatibo, kung saan isinagawa ang pagsusuring pangnilalaman sa tatlong piling mga awitin na "Paghunas," "Duyan," at "Bahandi" at sinuri ang nabuong materyal sa pamamagitan ng talatanungan na sinagutan ng 68 mag-aaral at tatlong guro. Ginabayan ng modelong ADDIE ang sistematikong pagbuo ng kagamitang pampagtuturo.*

*Natuklasan na ang mga awitin ay nagtataglay ng mahahalagang kultural na pagpapahalaga tulad ng pagpapahalaga sa pamilya, katatagan, at identidad, gayundin ng mga dimensyong pantao na emosyonal, panlipunan, at eksistensyal. Ang nabuong kagamitang pampagtuturo ay nakapagtamo ng mataas na antas ng balidit at pagtanggap mula sa mga kalahok. Ipinapakita ng mga resulta na ang integrasyon ng lokal na awitin sa pagtuturo ay nagpapalalim ng pagkatuto at nagpapataas ng interes ng mga mag-aaral. Samakatuwid, inirerekomenda ang mas malawak na paggamit ng mga lokal na awitin bilang kagamitang pampagtuturo upang higit na mapalakas ang kontekstwalisado at makabuluhang pagkatuto.*

**MGA SUSING SALITA**: *Alternative Learning System, Kagamitang Pampagtuturo, Kultural na Pagpapahalaga, Kontekstwalisadong Pagtuturo, Lokal na Musika*

## INTRODUKSYON

Ang mabisang pagtuturo sa asignaturang Filipino ay nangangailangan ng mga kagamitang pampagtuturo na hindi lamang nakabatay sa nilalaman ng kurikulum kundi nakaugat din sa konteksto, karanasan, at kultural na identidad ng mga mag-aaral. Sa edukasyong pangwika, kinikilala ang awitin bilang isang makapangyarihang midyum sa paglinang ng kasanayang lingguwistiko, pagpapahalagang kultural, at dimensyong pantao sapagkat pinagsasanib nito ang wika, damdamin, at karanasang panlipunan. Ayon kina Welch et al. (2020), ang awitin ay may mahalagang papel sa emosyonal, panlipunan, at kognitibong pag-unlad ng tao, habang binibigyang-diin ni Reimer (2022) na ito ay nagsisilbing daluyan ng pag-unawa sa kahulugan, kultura, at panlipunang realidad.

Sinusuportahan ito ng iba't ibang pag-aaral sa pandaigdigang antas. Ipinakita nina Bsharat (2021) at Bao (2023) na ang paggamit ng awitin sa pagtuturo ay nakapagpapataas ng motibasyon, pakikilahok, at pag-unawa ng mga mag-aaral, lalo na sa pagkatuto ng wika. Gayundin, natuklasan nina Barrett et al. (2018) at Hu et al. (2020) na ang awitin ay may positibong epekto sa kognitibo, emosyonal, at panlipunang aspeto ng pagkatuto. Samantala, binigyang-diin nina González (2020) at Talaboev et al. (2020) na ang awitin ay nagsisilbing daluyan ng pagpapahayag ng identidad, pagpapahalaga, at karanasang kultural ng isang lipunan, partikular sa kabataan.

Sa larangan ng pedagohiya, ipinakita nina Imel (2000) at Kalchik at Oertle (2010) ang kahalagahan ng kontekstwalisadong pagkatuto kung saan ang karanasan ng mag-aaral ay nagiging sentro ng pagkatuto. Pinagtibay ito nina Syatriana et al. (2013) sa kanilang modelong sistematiko sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo, habang binigyang-diin nina Martinez at Cardona (2012) ang kahalagahan ng pag-angkop ng disenyo ng pagtuturo sa pamantayan ng kurikulum. Kaugnay nito, ipinakita nina McKoy at Lind (2022) na ang culturally responsive teaching ay mahalaga upang maging makabuluhan at inklusibo ang pagkatuto sa pamamagitan ng integrasyon ng kultura ng mag-aaral.

Sa pagsusuri ng awitin bilang tekstong pampanitikan, ipinakita nina O'Leary (2020) at Mulyani (2018) na ang pagsusuri ng liriko ay nakatutulong sa paglinang ng kritikal at mas mataas na antas ng pag-iisip (HOTs). Sinusuportahan ito nina Simanjuntak et al. (2022) na nagpatunay na ang mga awitin ay

naglalaman ng malalim na mensaheng kultural at moral. Dagdag pa rito, ang mga pag-aaral nina Chen at Yen (2013), Bourina at Dunaeva (2019), at Clapp et al. (2021) ay nagpapakita na ang paggamit ng annotation at interaktibong pagbasa ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa sa teksto, na maaaring ilapat sa pagsusuri ng liriko ng mga awitin.

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa ilang mahahalagang teorya. Una, ang Teoryang Pormalismo nina Viktor Shklovsky ay ginamit upang suriin ang estruktura, wika, at estilong pampanitikan ng mga liriko ng awitin, na nagsisilbing batayan sa pagtukoy ng kahulugan at mensahe ng teksto. Ikalawa, ang Sosyolohikal na Panunuring Pampanitikan ni Karl Marx ay ginamit upang maunawaan ang ugnayan ng awitin at lipunan, kung saan ang mga liriko ay itinuturing na repleksyon ng karanasan, ideolohiya, at kalagayang panlipunan.

Ikatlo, ang Cultural Dimensions Theory ni Geert Hofstede ay nagsilbing lente upang masuri kung paano naipapakita sa mga awitin ang iba't ibang aspekto ng kultura tulad ng pagpapahalaga, paniniwala, at ugnayang panlipunan. Ikaapat, ang Dimensyong Pantao ni Jack Fraenkel ay ginamit upang bigyang-diin ang kabuuang pag-unlad ng mag-aaral, ang emosyonal, sosyal, at kultural bilang mahalagang bahagi ng pagkatuto.

Bukod dito, ginamit din ang ADDIE Model bilang teoretikal at metodolohikal na balangkas sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo, na nagbibigay ng sistematikong proseso mula pagsusuri hanggang ebalwasyon ng materyal.

Sa kontekstong Pilipino, itinataguyod ng Republic Act 10533 ang lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng kurikulum, na pinagtitibay ng DepEd Order Blg. 32, s. 2015 at Regional Memorandum Blg. 0049, s. 2025. Gayundin, ang Republic Act 10066 ay nagsusulong ng pagpapahalaga sa pambansang pamana bilang bahagi ng edukasyon.

Sa lokal na konteksto, nananatiling hamon ang kakulangan ng kontekstuwalisado at kulturang-nakaugat na kagamitang pampagtuturo, lalo na sa Alternative Learning System (ALS). Sa ganitong kalagayan, lumilitaw ang potensyal ng mga awitin ni Joseph C. Gara bilang makabuluhang sanggunian sa pagtuturo, sapagkat ang kanyang mga likha ay sumasalamin sa kultura, identidad, at karanasan ng lipunang Pilipino.

Sa kabila ng mga umiiral na literatura, nananatiling limitado ang pananaliksik na nakatuon sa sistematikong pagsusuri ng mga piling awitin ng isang lokal na kompositor bilang batayan sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo sa Filipino. Dahil dito, layunin ng pag-aaral na ito na magsagawa ng pagsusuring pangnilalaman sa mga piling awitin ni Joseph C. Gara upang matukoy ang mga kultural na pagpapahalaga at dimensyong pantao na nakapaloob dito. Ang mga natuklasan mula sa pagsusuring ito ay gagamitin bilang batayan sa pagdisenyo ng isang kontekstuwalisado, makabuluhan, at kulturang-nakaugat na kagamitang pampagtuturo para sa mga mag-aaral ng Senior High School, partikular sa Alternative Learning System. Sa ganitong paraan, inaasahang makapag-aambag ang pag-aaral sa pagpapaunlad ng makabayang edukasyon at pagpapalalim ng kamalayang kultural ng mga mag-aaral.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay naglayon na makapagdisenyo ng kagamitang pampagtuturo batay sa mga piling awitin ni Joseph C. Gara para sa mga mag-aaral ng Baitang 11 sa ilalim ng Alternative Learning System (ALS) ng Senior High School sa Dr. Cecilio Putong National High School sa Taong Panuruan 2025–2026.

Ang mga tiyak na katanungan na nilalayung sagutin ng mananaliksik ay ang mga sumusunod:

1. Ano ang kultural na pagpapahalaga at dimensyong pantao ang nangingibabaw sa mga piling awitin ni Joseph C. Gara?
2. Anong kompetensi at paksa ang malilinang gamit ang mga piling awitin ni Joseph Gara sa kultural na pagpapahalaga at dimensyong pantao?
3. Anong disenyo ng kagamitang pampagtuturo ang epektibong mabubuo mula sa mga kompetensi, paksa at kultural na pagpapahalaga, at dimensyong pantao sa mga piling awitin ni Joseph C. Gara?
4. Ano ang antas ng balidity sa nilalaman ng nabuong disenyo ng kagamitang pampagtuturo?
5. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral at guro sa nabuong disenyo ng kagamitang pampagtuturo

## METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pinagsanib na kwantitatibo at kwalitatibong disenyo *(mixed-methods research design)* upang makapagbigay ng komprehensibong pagsusuri sa bisa at kaangkupan ng nabuong kagamitang pampagtuturo. Sa kwalitatibong bahagi, isinagawa ang pagsusuring pangnilalaman *(content analysis)* sa mga piling awitin ni Joseph C. Gara upang matukoy ang nangingibabaw na kultural na pagpapahalaga at dimensyong pantao na nakapaloob sa mga liriko. Gumamit ang mananaliksik ng isang analitikong gabay o coding scheme na nagsilbing batayan sa sistematikong pag-uuri, pagkakategorya, at interpretasyon ng mga temang lumitaw sa bawat awitin. Ang prosesong ito ay isinagawa sa pamamagitan ng masusing pagbasa, pag-encode, at pagbuo ng tematikong kategorya na sumasalamin sa ugnayan ng teksto at kontekstong panlipunan. Ang mga natuklasan mula sa pagsusuring ito ang naging pundasyon sa pagbuo ng nilalaman ng kagamitang pampagtuturo.
Samantala, sa kwantitatibong bahagi, ginamit ang deskriptibong pamamaraan upang masukat ang antas ng baliditi at pagtanggap sa nabuong kagamitang pampagtuturo. Isinagawa ang pangangalap ng datos gamit ang mga talatanungan na may Likert scale na idinisenyo upang masukat ang iba't ibang aspekto tulad ng nilalaman, organisasyon, kalinawan, kaangkupan sa kurikulum, at pagiging kapaki-pakinabang sa pagtuturo. Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang *weighted mean* at iba pang *descriptive statistics* upang matukoy ang antas ng baliditi at pagtanggap ng mga kalahok.

Isinagawa ang pag-aaral sa Dr. Cecilio Putong National High School, partikular sa Senior High School Department na may programang Alternative Learning System (ALS). Pinili ang lugar na ito dahil sa pagkakaroon nito ng heterogenous na populasyon ng mga mag-aaral na may iba't ibang karanasan at pangangailangan sa pagkatuto. Gumamit ang pag-aaral ng

*purposive sampling* sa pagpili ng mga kalahok, na binubuo ng animnapu't walong (68) mag-aaral mula sa Baitang 11 ALS na nahahati sa iba't ibang strand (Caregiving, Cookery, Electrical Installation and Maintenance, Housekeeping, at Shielded Metal Arc Welding), at tatlong (3) guro ng asignaturang Filipino na nagsilbing evaluator ng kagamitang pampagtuturo. Ang pagpili sa mga kalahok ay nakabatay sa kanilang direktang kaugnayan sa layunin ng pag-aaral at sa kanilang kakayahang makapagbigay ng makabuluhang ebalwasyon sa nabuong materyal.

Tatlong pangunahing instrumento ang ginamit sa pangangalap ng datos: una, ang instrumento sa pagsusuring pangnilalaman na nagsilbing gabay sa pagtukoy ng mga temang kultural at pantaong dimensyon sa mga awitin; ikalawa, ang *content validity instrument* para sa mga eksperto**,** na nasa anyo ng evaluation checklist upang masuri ang kalidad ng kagamitang pampagtuturo batay sa itinakdang pamantayan; at ikatlo, ang talatanungan para sa mga guro at mag-aaral upang masukat ang antas ng pagtanggap sa materyal. Ang mga instrumentong ito ay dumaan sa proseso ng balidasyon upang matiyak ang kanilang pagiging wasto at angkop sa layunin ng pag-aaral.

Ang pagbuo ng kagamitang pampagtuturo ay isinagawa gamit ang *ADDIE Model (Analysis, Design, Development, Implementation, at Evaluation)* bilang balangkas ng *developmental research design***.** Sa yugto ng *analysis*, tinukoy ang pangangailangan ng mga mag-aaral at ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo. Sa *design*, binalangkas ang nilalaman, layunin, at estratehiya ng pagtuturo. Sa *development*, nilinang at pinino ang mga kagamitang pampagtuturo batay sa mga natukoy na pangangailangan. Sa *implementation*, isinagawa ang paggamit ng materyal sa aktwal na konteksto ng pagtuturo. Sa huling yugto na *evaluation*, sinuri ang bisa at kaangkupan ng materyal batay sa resulta ng ebalwasyon ng mga kalahok.

Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang *thematic analysis* upang tukuyin at ipaliwanag ang mga temang lumitaw mula sa kwalitatibong datos, habang ang mga pamamaraang estadistikal ay ginamit upang mailarawan ang kabuuang resulta ng kwantitatibong datos. Isinaalang-alang din sa buong proseso ng pananaliksik ang mga etikal na pamantayan, kabilang ang paghingi ng pahintulot sa mga kalahok, pagtiyak sa pagiging kumpidensyal ng kanilang mga sagot, at paggamit ng datos para lamang sa layuning akademiko. Sa kabuuan, ang metodolohiyang ito ay nagbigay ng sistematiko, masinop, at mapagkakatiwalaang balangkas upang masuri ang bisa ng kagamitang pampagtuturo na nakabatay sa mga piling awitin ni Joseph C. Gara.

## MGA RESULTA NG PAG-AARAL

Batay sa kwalitatibo at kwantitatibong pagsusuri ng mga datos, natuklasan ng pag-aaral ang mga sumusunod:

1. Natuklasan na nangingibabaw sa mga piling awitin ang mga kultural na pagpapahalaga sa pamilya, pananampalataya, pakikipagkapwa, at lokal na identidad, gayundin ang iba't ibang dimensyong pantao tulad ng emosyonal, moral, espiritwal, at panlipunan.
2. Napatunayang nakapagpapaunlad ang mga awitin ng kasanayan sa pakikinig, pagbasa, pagsusuri, at pagpapahayag, at nakaayon sa MELCs, na may pokus sa identidad, pamilya, at ugnayang panlipunan.
3. Nakabuo ang mananaliksik ng isang sistematikong kagamitang pampagtuturo na binubuo ng mga aralin, gawain, at pagtataya na angkop sa kurikulum at konteksto ng mga mag-aaral.
4. Nagtamo ang materyal ng napakataas na content validity (WM = 4.00; CVI = 1.00), na may interpretasyong "Excellent," na nagpapakita ng ganap na pag-ayon ng mga eksperto sa kalidad nito.
5. Nakapagtala ng mataas na antas ng pagtanggap ang mga guro (WM = 4.00) at mag-aaral (WM = 3.42–3.55), na kapwa may deskripsiyong "Lubos na Sumasang-ayon," na nagpapatunay sa bisa at kaangkupan ng materyal.

## MGA TALAKAY

Ang pagsusuri sa pag-aaral na ito ay isinagawa sa dalawang pangunahing bahagi: una, ang kwalitatibong pagsusuri sa mga liriko ng mga piling awitin ni Joseph C. Gara upang matukoy ang mga nangingibabaw na dimensyong pantao ayon kay Fraenkel (1977) at ang mga kultural na pagpapahalaga ayon kay Hofstede (1980), na nagsilbing batayan sa pagtukoy ng mga angkop na kompetensi at paksa mula sa Curriculum Guide ng Senior High School sa asignaturang Filipino at sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo; at ikalawa, ang pagsusuri sa kwantitatibong datos gamit ang estadistikang deskriptibo upang masukat ang antas ng bisa at antas ng pagtanggap sa nabuong kagamitang pampagtuturo.

**Talahanayan 1.**
**Talaan ng Kwalitatibong Pagsusuri sa Awiting "Paghunas": Dimensyong Pantao, Kultural na Pagpapahalaga, at Kaugnay na Kompetensi at Paksa sa Filipino**

| Pamagat ng Awitin | Linya / Liriko | Natutukoy na Kultural na Pagpapahalaga | Natutukoy na Dimensyong Pantao | Kaukulang Kompetensi (MELCs) | Kaukulang Paksa |
|---|---|---|---|---|---|
| **PAGHUNAS** | Ikaw lamang ang hinungdan ning kahilum<br><br>(Ikaw lamang ang dahilan ng katahimikan) | Pagmumuni at Pagtitimpi | Sikolohikal | Natutukoy ang mga kahulugan at kabuluhan ng mga konseptong pangwika | Unang Wika |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | May bili ang gihuptan ko'ng mga saad mo Nga mobalik ka<br><br>(May halaga ang hawak kong mga pangako mo, na babalik ka) | Salita ng Dangal | Moral | ***(F11PT-1a-85)*** | |
| | Mapapas ang tunob ta<br><br>(Mapapawi ang mga yapak natin) | Pagtanggap at Pagbangon | Eksistensyal | | |
| | Hinaut nga unta mahunong ni'ng langit Ang pag-unos ni'ng dagat Hinaut na unta mabadlong ni'ng adlaw Ang paghuyop ni'ng hangin<br><br>(Sana'y tumigil ang langit)<br>(Ang pag-alon ng dagat)<br>(Sana'y huminto ang araw)<br>(Ang pag-ihip ng hangin) | Pananampalataya | Espiritwal | | |
| | Sa ikaduhang paghunas makita ka<br><br>(Sa ikalawang pag-urong ng alon, makikita ka) | Katatagan ng Loob | Eksistensyal | | |
| | Sa pagsubang ni'ng adlaw Anaa ka<br><br>(Sa pagsikat ng araw, naroon ka) | Optimismo at Pag-asa | Emosyonal | | |

Ipinakikita ng Talahanayan 1 ang buod ng kwalitatibong pagsusuri sa awiting *"Paghunas"* ni Joseph C. Gara. Mula sa mga piling linya ng awitin, natukoy ang mga nangingibabaw na dimensyong pantao na kinabibilangan ng emosyonal, sikolohikal, moral, espiritwal, at eksistensyal na aspekto ng karanasan ng tao. Ayon kay Fraenkel (1977), ang pagkatuto at pag-unawa sa mga teksto ay nagiging makabuluhan kapag naiuugnay sa damdamin, pagpapahalaga, at personal na karanasan ng tao. Ayon kina Reimer (2022) at Welch et al. (2020), ang musika at awitin ay epektibong daluyan ng emosyon, identidad, at paghahanap ng kahulugan, kaya't ang paglitaw ng iba't ibang dimensyong pantao sa awitin ay inaasahan at mahalaga sa edukasyon.

Sa antas ng kultura, malinaw na lumitaw sa talahanayan ang mga kultural na pagpapahalagang Pilipino tulad ng pagtitiis, pananampalataya, salita ng dangal, pagtanggap sa pagsubok, at optimismo. Ayon kay Hofstede (1980), ang mga pagpapahalaga at paraan ng pagharap sa suliranin ay hinuhubog ng kolektibong kultura. Ayon kina Frith (2017), Bsharat (2021), at Váradi (2022), ang musika ay nagsisilbing salamin ng kolektibong paniniwala at pagpapahalaga ng isang pamayanan. Samakatuwid, ang mga temang lumitaw sa *"Paghunas"* ay maaaring ituring na manipestasyon ng kulturang Pilipino sa pagharap sa pagdurusa at paghilom.

Dagdag pa rito, ipinakikita rin ng Talahanayan 1 ang malinaw na ugnayan ng nilalaman ng awitin sa mga kompetensi at paksa sa Filipino. Ayon kina McKoy at Lind (2022), Terzioglu (2022), at Green (2017), ang paggamit ng awitin at musikang popular sa silid-aralan ay mabisang estratehiya sa paglinang ng kasanayan sa pagsusuri ng teksto, pagpapahalagang kultural, at replektibong pagkatuto. Pinagtitibay nito na ang *"Paghunas"* ay maaaring magsilbing awtentikong teksto sa pagdidisenyo ng kagamitang pampagtuturo.

**Talahanayan 2.**
**Talaan ng Kwalitatibong Pagsusuri sa Awiting "Duyan": Dimensyong Pantao, Kultural na Pagpapahalaga, at Kaugnay na Kompetensi at Paksa sa Filipino**

| Pamagat ng Awitin | Linya / Liriko | Natutukoy na Kultural na Pagpapahalaga | Natutukoy na Dimensyong Pantao | Kaukulang Kompetensi (MELCs) | Kaukulang Paksa |
|---|---|---|---|---|---|
| **DUYAN** | Salig sa huni<br>Sa wanang mabati<br>Sama sa gugma<br>Sa dughan mo giya<br><br>(Nakasalalay sa himig)<br>(Sa liwanag na marinig)<br>(Kasama sa pag-ibig)<br>(Sa iyong dibdib, gabay) | Pagmamahal at Ugnayan | Emosyonal | Naiuugnay ang mga konseptong pangwika sa sariling kaalaman, pananaw, at mga karanasan ***(F11PS – Ib – 86)*** | Ikalawang Wika |
| | Gunit sa akong bukton<br><br>(Kapit sa aking bisig) | Pag-aaruga at Seguridad | Sikolohikal | | |
| | Sugilanon sa akong damgo<br><br>(Kuwento ng aking panaginip) | Pangarap at Pag-asa | Eksistensyal | | |
| | Imong habulan sa mga bukton<br><br>(Iyong kumot sa aking mga bisig) | Malasakit at Pananagutan | Moral | | |
| | Og unya unta may kagawasan<br>Imong tabyugon balik dinhi<br><br>(At sana'y may kalayaan)<br>(Iyong ihahatid muli rito) | Pagbabalik-loob at Ugnayan | Panlipunan | | |
| | Sa duyan<br><br>(Sa duyan) | Tahanan at Identidad | Sikolohikal | | |

Ipinakikita ng Talahanayan 2 ang buod ng kwalitatibong pagsusuri sa awiting *"Duyan"* ni Joseph C. Gara. Mula sa mga piling linya ng awitin, natukoy ang mga nangingibabaw na dimensyong pantao na kinabibilangan ng emosyonal, sikolohikal, eksistensyal, moral, at panlipunang aspekto ng karanasan ng tao. Ang paglitaw ng mga dimensyong ito ay umaayon sa pahayag ni Fraenkel (1977) na ang makabuluhang pagkatuto ay nakaugat sa damdamin, ugnayan, pagpapahalaga, at personal na karanasan. Dagdag pa rito, iginiit nina Reimer (2022) at Welch et al. (2020) na ang awitin ay mabisang daluyan ng emosyon, identidad, at ugnayang panlipunan, kaya't ang temang pag-aaruga, seguridad, at pangarap na masasalamin sa *"Duyan"* ay mahalaga sa paglinang ng kabuuang pagkatao ng mag-aaral.

Sa antas ng kultura, malinaw na lumitaw sa talahanayan ang mga kultural na pagpapahalagang Pilipino tulad ng pagmamahal at ugnayan, pag-aaruga at seguridad, malasakit at pananagutan, pagbabalik-loob, at pagpapahalaga sa tahanan at identidad. Ayon kay Hofstede (1980), ang mga pagpapahalaga at ugnayang panlipunan ay hinuhubog ng kolektibong kultura, samantalang ayon kina Frith (2017), Bsharat (2021), at Váradi (2022), ang musika ay nagsisilbing salamin ng kolektibong paniniwala at karanasan ng pamayanan. Sa ganitong pagtingin, ang *"Duyan"* ay maaaring ituring na representasyon ng kulturang Pilipino na nagbibigay-halaga sa pamilya, pagkalinga, at ugnayan bilang pundasyon ng identidad.

Ipinakikita rin ng talahanayan ang malinaw na ugnayan ng awitin sa mga kompetensi at paksa sa Filipino, partikular sa pagsusuri ng tekstong pampanitikan, pag-unawa sa mensahe at karanasan ng persona, at paglikha ng mga tekstong nagpapahayag ng kultural na identidad. Ayon kina McKoy at Lind (2022), Terzioglu (2022), at Green (2017), ang paggamit ng awitin sa pagtuturo ay nakapagpapalalim ng pag-unawa sa kultura, pagpapahalaga, at panlipunang ugnayan, kaya't pinagtitibay nito ang potensiyal ng *"Duyan"* bilang awtentikong teksto sa pagdidisenyo ng kagamitang pampagtuturo.

**Talahanayan 3.**
**Talaan ng Kwalitatibong Pagsusuri sa Awiting "Bahandi": Dimensyong Pantao, Kultural na Pagpapahalaga, at Kaugnay na Kompetensi at Paksa sa Filipino**

| Pamagat ng Awitin | Linya / Liriko | Natutukoy na Kultural na Pagpapahalaga | Natutukoy na Dimensyong Pantao | Kaukulang Kompetensi (MELCs) | Kaukulang Paksa |
|---|---|---|---|---|---|
| **BAHANDI** | May bahandi ang atong sidlakan<br><br>(May kayamanan ang ating silangan) | Kosepto ng tunay na Yaman | Eksistensyal | Naiuugnay ang mga konseptong pangwika sa sariling kaalaman, pananaw, at mga karanasan ***(F11PS – Ib – 86)*** | Dayalek (Barayti ng Wika) |
| | Sa Bohol akong natawhan<br><br>(Sa Bohol ako isinilang) | Lokal na Identidad at Pagkamakabayan | Sikolohikal | | |
| | Hatag ni Bathala ang giugmad namo'ng yuta<br><br>(Kaloob ng Maykapal ang aming pinagyamang lupa) | Pasasalamat at Pananapalataya | Espiritwal | | |
| | Bisan kabus og timawa tarong among pangita<br><br>(Kahit mahirap at salat, marangal ang aming hanapbuhay) | Dignidad ng Tao at Marangal na Pamumuhay | Moral | | |
| | Kung asa dunay piesta naa tanang barkada<br><br>(Kung saan may pista, naroon ang buong barkada) | Pakikipagkapwa at Komunidad | Panlipunan | | |
| | Basta Boholano kaliwat musikero<br><br>(Basta Boholano, likas na musikero) | Sining, Musika, at Malikhaing Identidad | Kultural | | |
| | Bisan dughan nagsubo ako sa daklit mupalayo Apan ang panganduyon nga makauli gyud dayon<br><br>(Kahit ang puso'y nagdadalamhati, ako'y panandaliang lalayo) (Ngunit ang pangarap ay makauwi agad) | Pangugulila at Pag-uwi | Emosyonal | | |

mga

Ipinakikita ng Talahanayan 3 ang buod ng kwalitatibong pagsusuri sa awiting *"Bahandi"* ni Joseph C. Gara. Mula sa mga piling linya ng awitin, natukoy ang mga nangingibabaw na dimensyong pantao na kinabibilangan ng eksistensyal, sikolohikal, espiritwal, moral, panlipunan, kultural, at emosyonal na aspekto ng karanasan ng tao. Ang paglitaw ng mga dimensyong ito ay umaayon sa pananaw ni Fraenkel (1977) na ang pagkatuto ay nagiging makabuluhan kapag nakaugat sa identidad, damdamin, pagpapahalaga, at paghahanap ng kahulugan sa buhay. Dagdag pa rito, binibigyang-diin nina Reimer (2022) at Welch et al. (2020) na ang musika ay daluyan ng identidad at karanasan, kaya't ang temang pagmamataas sa pinagmulan, dignidad, at pangarap na masasalamin sa awitin ay mahalaga sa paghubog ng kabuuang pagkatao ng mag-aaral.

Sa antas ng kultura, malinaw na lumitaw sa talahanayan ang mga kultural na pagpapahalagang Pilipino tulad ng pagmamahal sa pinagmulan at lokal na identidad, pagpapahalaga sa dignidad ng tao at marangal na paggawa, pakikipagkapwa at bayanihan, pananampalataya, at pagpapahalaga sa sining at musika. Ayon kay Hofstede (1980), ang ganitong mga pagpapahalaga ay manipestasyon ng kolektibong kultura na humuhubog sa pananaw at ugnayan ng

mga tao. Sinusuportahan din ito nina Frith (2017), Bsharat (2021), at Váradi (2022) na nagsasabing ang musika ay nagsisilbing salamin ng panlipunang identidad at kulturang kinabibilangan ng isang pamayanan. Sa ganitong pagtingin, ang *“Bahandi”* ay maaaring ituring na representasyon ng kulturang Pilipino na nagpapahalaga sa komunidad, paggawa, pananampalataya, at sining bilang tunay na yaman.

Ipinakikita rin ng talahanayan ang malinaw na ugnayan ng awitin sa mga kompetensi at paksa sa Filipino, partikular sa pagsusuri ng tekstong nagpapakita ng kultura at lipunan, at sa kritikal at replektibong pagsulat. Ayon kina McKoy at Lind (2022), Terzioglu (2022), at Green (2017), ang paggamit ng awitin sa pagtuturo ay nakatutulong sa paglinang ng kamalayang kultural, pagpapahalaga sa identidad, at pag-unawa sa panlipunang realidad. Pinagtitibay nito na ang *“Bahandi”* ay maaaring magsilbing awtentikong teksto sa pagdidisenyo ng kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino.

Sa mga inilahad na kinalabasan, pagsusuri, at interpretasyon, malinaw na naipakita na ang mga piling awitin ni Joseph C. Gara ang *Paghunas, Duyan,* at *Bahandi* ay nagtataglay ng mayaman at magkakaugnay na dimensyong pantao at kultural na pagpapahalaga. Ang mga awiting ito ay hindi lamang sumasalamin sa personal na damdamin at karanasan kundi nagsisilbi ring salamin ng kolektibong identidad, paniniwala, at pagpapahalaga ng kulturang Pilipino.

Higit sa lahat, ipinakikita ng mga natuklasan na ang mga awitin ay may malinaw na ugnayan sa mga kompetensi at paksa sa asignaturang Filipino, na nagpapatunay sa kanilang potensiyal bilang awtentikong tekstong pampanitikan sa paglinang ng wika, kamalayang kultural, at kabuuang pagkatao ng mga mag-aaral. Dahil dito, ang mga kinalabasan ng pagsusuri sa kabanatang ito ang nagsilbing matibay na batayan sa pagdidisenyo ng interaktibo at sistematikong kagamitang pampagtuturo.

**Talahanayan 4**
**Buod ng Content Validity ng Kagamitang Pampagtuturo**

| Kategorya | WM | CVI | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Layunin at Nilalaman | 4.00 | 1.00 | Excellent / Retain without revision |
| Wika at Panuto | 4.00 | 1.00 | Excellent / Retain without revision |
| Organisasyon at Estruktura | 4.00 | 1.00 | Excellent / Retain without revision |
| Pedagohikal na Bisa | 4.00 | 1.00 | Excellent / Retain without revision |
| Pangkalahatang Pagtataya | 4.00 | 1.00 | Excellent / Retain without revision |
| Kabuuan | 4.00 | 1.00 | Excellent / Retain without revision |

*Legend: <0.70 < Poor (revise substantially or delete), 0.70-0.79 Fair (revise), 0.8-0.89 Good (consider minor revision), ≥ 0.90 Excellent (retain without revision*

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang resulta ng panbalidasyon ng *content validity* ng nabuong kagamitang pampagtuturo mula sa mga piling awitin ni Joseph C. Gara batay sa limang pamantayan: Layunin at Nilalaman, Wika at Panuto, Organisasyon at Estruktura, Pedagohikal na Bisa, at Pangkalahatang Pagtataya.

Sa aspektong Layunin at Nilalaman, lahat ng pahayag ay nakapagtala ng *weighted mean na 4.00 at Content Validity Index (CVI)* na 1.00 na may interpretasyong *“Excellent / Retain without revision.*” Ipinahihiwatig nito na malinaw at tiyak ang mga layunin ng materyal, nakaayon ito sa kurikulum ng Senior High School–ALS, at may sapat na nilalaman na tumutugon sa integrasyon ng kultural na pagpapahalaga at dimensyong pantao. Ang ganitong resulta ay nagpapakita ng mataas na antas ng kaangkupan ng materyal sa mga layuning panturo.

Sa pamantayang Wika at Panuto, nakapagtala rin ng weighted mean na 4.00 at CVI na 1.00 ang mga pahayag na may interpretasyong *“Excellent / Retain without revision.”* Ipinahihiwatig nito na malinaw, angkop, at madaling sundan ang wikang ginamit at ang mga panuto sa materyal, na mahalaga upang matiyak ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga gawain at aralin.
Sa aspektong Organisasyon at Estruktura, ang lahat ng pahayag ay nakakuha ng *weighted mean na 4.00 at CVI* na 1.00, na nagpapakita na lohikal at sistematiko ang pagkakaayos ng mga aralin at may malinaw na ugnayan ang layunin, nilalaman, gawain, at pagtataya. Ipinahihiwatig nito na ang daloy ng aralin ay nakatutulong sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa pamantayang Pedagohikal na Bisa, nakapagtala rin ng weighted mean na 4.00 at CVI na 1.00 ang lahat ng pahayag na may interpretasyong *“Excellent / Retain without revision.”* Ipinapakita nito na ang mga gawain ay nakapagpapaunlad ng makrongkasanayan sa wika, nakapupukaw ng interes ng mga mag-aaral, nakapagpapalalim ng kritikal na pag-iisip, at nakatutulong sa pagpapahalaga sa sariling kultura. Ayon kay Reimer (2003), ang makabuluhang integrasyon ng musika at karanasang pangkultura ay nakapagpapahusay sa kabuuang pagkatuto ng mag-aaral.

Sa Pangkalahatang Pagtataya, lahat ng pahayag ay nakapagtala rin ng weighted mean na 4.00 at CVI na 1.00, na may interpretasyong *“Excellent / Retain without revision.”* Ipinahihiwatig nito na ang materyal ay praktikal gamitin sa klase at kapaki-pakinabang para sa guro at mag-aaral. Ang resulta ay umaayon sa pananaw nina Polit at Beck (2006) na ang mataas na CVI ay nagpapakita ng matibay na kasunduan ng mga eksperto sa kalidad at pagiging angkop ng isang instrumento o materyal.

Sa kabuuan, ang lahat ng pamantayan ay nakapagtala ng *weighted mean* na 4.00 at *CVI* na 1.00, na nagpapakita ng lubos na pagkakaisa ng mga eksperto sa mataas na antas ng content validity ng nabuong kagamitang pampagtuturo. Samakatuwid,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

ang materyal ay maituturing na handa na para sa implementasyon nang hindi nangangailangan ng rebisyon.

**Talahanayan 5**
**Antas ng Pagtanggap ng mga Mag-aaral sa Nabuong Kagamitang Pampagtuturo**

| Kategorya | WM | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| A. Nilalaman | 3.55 | 17.29 | Lubos na Sumasang-ayon |
| B. Bisa ng Materyal | 3.44 | 17.28 | Lubos na Sumasang-ayon |
| C. Karanasan sa Paggamit | 3.42 | 16.67 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Kabuuan | 3.47 | 17.08 | Lubos na Sumasang-ayon |

*Legend: 1.0-1.75 Lubos na hingis Sumang-ayon, 1.75-2.50 Hindi Sumang-ayon, 2.52-3.25 Sumasang-ayon, 3.26-4.0 Lubos na Sumasang-ayon*

Ipinapakita sa Talahanayan 5 ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong kagamitang pampagtuturo batay sa tatlong pamantayan: Nilalaman, Bisa ng Materyal, at Karanasan sa Paggamit.

Sa aspektong Nilalaman, nakapagtala ito ng kabuuang weighted mean na 3.55 at standard deviation na 1.29 na may deskripsiyong “Lubos na Sumasang-ayon.” Ipinahihiwatig nito na malinaw, makabuluhan, at angkop sa karanasan ng mga mag-aaral ang mga awitin at mga gawaing nakapaloob sa materyal. Ayon kay Reimer (2003), ang malinaw at makabuluhang nilalaman ay mahalagang salik sa epektibong pagkatuto.

Sa pamantayang Bisa ng Materyal, nakakuha ito ng kabuuang weighted mean na 3.44 at SD na 1.29 na may deskripsiyong “Lubos na Sumasang-ayon.” Ipinapakita nito na ang paggamit ng awitin ay nakatutulong sa pagpapataas ng interes, pag-unawa, at kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Wright (2017) at Welch et al. (2020) na nagsasaad na ang musika ay epektibong

Sa aspektong Karanasan sa Paggamit, nakapagtala ito ng kabuuang weighted mean na 3.42 at SD na 16.67 na may deskripsiyong “Lubos na Sumasang-ayon.” Ipinahihiwatig nito na naging mas aktibo ang mga mag-aaral sa talakayan, nakaranas ng mas malalim na pagkatuto, at naging handa sa paggamit ng materyal sa mga susunod na aralin. Ayon kina Hohmann et al. (2017), ang positibong karanasan sa pagkatuto ay nakapagpapataas ng partisipasyon at akademikong pagganap.

Ang tatlong pamantayan ay pawang nakapagtala ng deskripsiyong “Lubos na Sumasang-ayon,” na nagpapakita ng mataas na antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong kagamitang pampagtuturo. Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na ang materyal ay epektibo, angkop, at kapaki-pakinabang sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

**Talahanayan 6.**
**Antas ng Pagtanggap ng mga Guro sa Nabuong Kagamitang Pampagtuturo**

| **Kategorya** | **WM** | **SD** | **Deskripsiyon** |
|---|---|---|---|
| Kaangkupan ng Nilalaman | 4.00 | 0.00 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Bisa ng Kagamitang Pampagtuturo | 4.00 | 0.00 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Kabuluhan at Paggamit | 4.00 | 0.00 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Kabuuan** | 4.00 | 0.00 | **Lubos na Sumasang-ayon** |

*Legend: 1.0-1.75 Lubos na hingis Sumang-ayon, 1.75-2.50 Hindi Sumang-ayon, 2.52-3.25 Sumasang-ayon, 3.26-4.0 Lubos na Sumasang-ayon*

Ipinapakita sa Talahanayan 6 ang antas ng pagtanggap ng mga guro sa nabuong kagamitang pampagtuturo batay sa tatlong pamantayan: Kaangkupan ng Nilalaman, Bisa ng Kagamitang Pampagtuturo, at Kabuluhan at Paggamit.

Sa aspektong Kaangkupan ng Nilalaman, lahat ng pahayag ay nakapagtala ng weighted mean na 4.00 at standard deviation na 0.00 na may interpretasyong “Lubos na Sumasang-ayon.” Ipinahihiwatig nito na ang mga piling awitin ay angkop sa asignaturang Filipino, nagpapakita ng kultural na pagpapahalaga at dimensyong pantao, nakaayon sa itinakdang kompetensi ng kurikulum, malinaw ang organisasyon ng nilalaman, at tumutugon sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral. Ang ganitong resulta ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagkakaisa ng mga guro sa pagiging angkop ng materyal bilang kagamitang panturo.

Sa pamantayang Bisa ng Kagamitang Pampagtuturo, ang lahat ng pahayag ay nakakuha rin ng weighted mean na 4.00 at SD na 0.00, na may interpretasyong “Lubos na Sumasang-ayon.” Ipinapakita nito na ang materyal ay nakapagpapalawak ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa wika at kultura, nakapagpapaunlad ng kasanayang komunikatibo, nakapagpapasigla ng talakayan, nakapagpapataas ng interes sa pag-aaral ng Filipino, at nakapagpapalalim ng kritikal na pag-iisip. Ayon kina Reimer (2003) at Welch et al. (2020), ang integrasyon ng musika at makabuluhang karanasan sa pagkatuto ay nakatutulong sa pagpapataas ng motibasyon at paglinang ng mas mataas na antas ng pag-iisip ng mga mag-aaral.

Sa aspektong Kabuluhan at Paggamit, nakapagtala rin ang lahat ng pahayag ng weighted mean na 4.00 at SD na 0.00 na may interpretasyong “Lubos na Sumasang-ayon.” Ipinahihiwatig nito na ang materyal ay madaling gamitin ng ibang guro, praktikal sa aktuwal na pagtuturo, may potensyal sa

kontekstuwalisadong pagkatuto, nagbibigay-daan sa malikhaing estratehiya sa pagtuturo, at kapaki-pakinabang sa iba't ibang uri ng mag-aaral. Sinusuportahan ito ng pananaw nina Wright (2017) na ang kontekstualisado at learner-centered na materyales ay nakapagpapalalim ng makabuluhang pagkatuto.

Ang tatlong pamantayan ay nakapagtala ng kabuuang weighted mean na 4.00 at standard deviation na 0.00, na may interpretasyong "Lubos na Sumasang-ayon."
Ipinapakita nito ang mataas na antas ng pagtanggap ng mga guro sa nabuong kagamitang pampagtuturo. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang materyal ay angkop, mabisa, at makabuluhan bilang kagamitang panturo sa asignaturang Filipino.

Sa kabuuan, pinatutunayan ng magkatugmang resulta mula sa mga eksperto at mag-aaral na ang nabuong kagamitang pampagtuturo ay pumasa sa pamantayang akademiko at epektibo sa silid-aralan. Ito ay umaayon sa mga pag-aaral nina Moore (2017), Reimer (2022), at Welch et al. (2020) na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng balidasyon at pagtanggap ng mga mag-aaral. Samakatuwid, ang materyal ay maituturing na angkop, mabisa, at makabuluhang kagamitang panturo sa Filipino.

**AWTPUT**

**Isang Kagamitang Pampagtuturo Batay sa Kultural na Pagpapahalaga at Dimensyong Pantao Mula sa mga Piling Awitin ni Joseph C. Gara**

**HABI NG HIMIG NI GARA:**

**ISANG NAKA-HYPERLINK NA KAGAMITANG PAMPAGTUTURO MULA SA MGA PILING AWITIN NI JOSEPH C. GARA**

Ang *Habi ng Himig ni Gara* ay isang inobatibong kagamitang pampagtuturo na idinisenyo sa anyong naka-hyperlink upang mapadali at mapalalim ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang materyal na ito ay nakabatay sa awiting *"Paghunas", "Duyan",* at "Bahandi" ay binuo upang magsilbing interaktibong lunsaran ng pagsusuri sa kultural na pagpapahalaga at dimensyong pantao na nakapaloob sa liriko ng awitin.

Sa awiting Paghunas, ang estruktura ng materyal, ang panimula ay naglalaman ng pagpapakilala sa awitin sa pamamagitan ng naka-hyperlink na audio o video upang maranasan ng mga mag-aaral ang kabuuang himig at damdamin nito. Sinusundan ito ng serye ng mga slide na nagtatampok ng piling liriko na may kaukulang biswal na representasyon, interpretasyon, at gabay na tanong. Bawat bahagi ay sistematikong nakaangkla sa iba't ibang dimensyong pantao tulad ng sikolohikal, moral, espiritwal, at eksistensyal upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mensahe ng awitin.

Sa awiting Duyan, ang panimulang bahagi, ipinapakilala ang awitin sa pamamagitan ng naka-hyperlink na audio o video upang maranasan ng mga mag-aaral ang emosyon at konteksto nito. Sinusundan ito ng presentasyon ng mga piling liriko na sinusuportahan ng mga biswal na representasyon at maikling paliwanag. Ang bawat bahagi ay nakapokus sa iba't ibang dimensyong pantao gaya ng emosyonal, sosyal, at eksistensyal, kung saan iniuugnay ang mensahe ng awitin sa personal na karanasan ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, nagiging mas malinaw ang papel ng wika bilang daluyan ng pag-unawa at pagpapahayag ng damdamin.

At sa awiting Bahandi, ang panimulang bahagi, ipinapakilala ang awitin sa pamamagitan ng naka-hyperlink na video o audio upang maunawaan ng mga mag-aaral ang kabuuang konteksto at mensahe nito. Kasunod nito ay ang pagsusuri ng piling liriko na sinusuportahan ng mga biswal na representasyon at paliwanag. Ang bawat bahagi ay nakaangkla sa mga konseptong kultural tulad ng yaman bilang identidad, pagpapahalaga sa komunidad, at ugnayan ng tao sa kanyang kapaligiran. Sa pamamagitan nito, nagiging malinaw sa mga mag-aaral na ang wika ay hindi lamang instrumento ng komunikasyon kundi tagapagdala rin ng kultura at karanasan.

Dagdag pa rito, ang paggamit ng hyperlink ay nagbibigay ng tuloy-tuloy at organisadong daloy ng pagkatuto, mula sa panonood o pakikinig, patungo sa pagsusuri, hanggang sa pagsasagawa ng mga gawain. Ang bawat bahagi ng materyal ay may layuning malinang ang kritikal na pag-iisip, kakayahang magpahayag, at pagpapahalagang kultural ng mga mag-aaral.

**Konklusyon**

Batay sa mga natuklasan, ang mga piling awitin ni Joseph C. Gara ay maaaring ituring na makabuluhang tekstong pampanitikan at kultural na nagtataglay ng mayamang nilalaman hinggil sa dimensyong pantao at kultural na pagpapahalaga. Pinatutunayan ng pag-aaral na ang mga awitin ay maaaring magsilbing epektibong lunsaran sa pagtuturo ng Filipino, hindi lamang sa paglinang ng kasanayang lingguwistiko kundi pati sa paghubog ng kamalayang kultural, pagpapahalaga, at kabuuang pagkatao ng mga mag-aaral.
Higit pa rito, pinatutunayan ng pag-aaral na ang isang maingat na dinisenyo at balidong kagamitang pampagtuturo na nakabatay sa awitin ay maaaring maging mabisang kasangkapan sa paglinang ng makabuluhan, at kontekstuwalisadong pagkatuto sa asignaturang Filipino.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasan, iminumungkahi ang mga sumusunod:

1. Gamitin ng mga guro sa Filipino ang nabuong kagamitang pampagtuturo bilang karagdagang materyal sa pagtuturo ng panitikan, wika, at kulturang Pilipino.
2. Hikayatin ang mga guro na gamitin ang mga awitin ni Joseph C. Gara bilang lunsaran sa pagsasama o paglalapat ng mga dimensyong pantao at kultural na pagpapahalaga sa pagtalakay ng mga paksang aralin.
3. Isama ng mga tagapamahala ng kurikulum ang mga lokal at kontemporanyong awitin sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo upang mapalapit ang aralin sa karanasan ng mga mag-aaral.
4. Magsagawa ng mga susunod na pag-aaral na susukat sa epekto ng kagamitang pampagtuturo sa akademikong pagganap, pagpapahalaga, at kamalayang kultural ng mga mag-aaral.
5. Palawakin pa ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagsusuri sa iba pang awitin o anyo ng panitikan at sa paggamit ng

eksperimental na disenyo upang mapagtibay ang bisa ng mga nabuong kagamitang pampagtuturo.

## REPERENSES

1. *Bao, X. (2023), "Using Songs in Language Teaching: A Pedagogical Approach," Journal of Language Teaching, Vol. 12, No. 1, p.p: 22–35*
2. *Barrett, M. S., Flynn, L. M., & Welch, G. F. (2018), "Music and Early Childhood Development," Routledge, London, p.p: 10–28*
3. *Bourina, H., & Dunaeva, N. (2019), "Interactive Reading Strategies," Journal of Educational Technology, Vol. 11, No. 2, p.p: 45–60*
4. *Bsharat, T. (2021), "The Effect of Songs on Language Learning," International Journal of Education, Vol. 9, No. 2, p.p: 15–25*
5. *Chen, C. M., & Yen, C. H. (2013), "Annotation-Based Learning in Reading," Computers & Education, Vol. 68, p.p: 320–331*
6. *Clapp, E. P., et al. (2021), "Interactive Literacy and Learning," Harvard Education Press, Cambridge, p.p: 75–95*
7. *Department of Education (2015), "DepEd Order No. 32, s. 2015: Adopting the Indigenous Peoples Education Curriculum Framework," DepEd, Philippines*
8. *Department of Education (2025), "Regional Memorandum No. 0049, s. 2025," DepEd Regional Office, Philippines*
9. *Fraenkel, J. R. (1977), "How to Teach About Values: An Analytic Approach," Prentice Hall, New Jersey, p.p: 40–65*
10. *Frith, S. (2017), "Music and Identity," Routledge, London, p.p: 108–127*
11. *González, J. (2020), "Music as Cultural Expression," Cultural Studies Review, Vol. 14, No. 2, p.p: 50–65*
12. *Green, L. (2017), "Popular Music Education in the Classroom," Ashgate Publishing, London, p.p: 35–60*
13. *Hofstede, G. (1980), "Culture's Consequences: International Differences in Work-Related Values," Sage Publications, Beverly Hills, p.p: 25–70*
14. *Hohmann, A., et al. (2017), "Learning and Motivation in Education," Springer, Berlin, p.p: 130–150*
15. *Hu, X., Li, Y., & Lee, J. (2020), "Music and Cognitive Development," Psychology of Music, Vol. 48, No. 3, p.p: 345–360*
16. *Imel, S. (2000), "Contextual Learning in Adult Education," ERIC Digest, Washington, D.C., p.p: 1–10*
17. *Kalchik, S., & Oertle, K. (2010), "The Theory and Application of Contextualized Teaching and Learning," Office of Community College Research and Leadership, Illinois, p.p: 5–18*
18. *Marx, K. (1848), "The Communist Manifesto," Progress Publishers, Moscow, p.p: 1–30*
19. *Martinez, M., & Cardona, L. (2012), "Curriculum Design and Instructional Materials," Education Press, New York, p.p: 60–78*
20. *McKoy, C., & Lind, V. (2022), "Culturally Responsive Teaching in Music Education," Routledge, New York, p.p: 90–110*
21. *Moore, A. (2017), "Teaching and Learning: Pedagogical Perspectives," Routledge, London, p.p: 70–95*
22. *Mulyani, S. (2018), "Song Lyrics as Literary Texts in Education," Journal of Literature Studies, Vol. 6, No. 1, p.p: 88–100*
23. *O'Leary, M. (2020), "Lyric Analysis and Critical Thinking," English Teaching Journal, Vol. 15, No. 3, p.p: 200–215*
24. *Polit, D. F., & Beck, C. T. (2006), "The Content Validity Index: Are You Sure You Know What's Being Reported?," Research in Nursing & Health, Vol. 29, No. 5, p.p: 489–497*
25. *Republic Act No. 10066 (2009), "National Cultural Heritage Act of 2009," Official Gazette, Philippines*
26. *Republic Act No. 10533 (2013), "Enhanced Basic Education Act of 2013," Official Gazette, Philippines*
27. *Reimer, B. (2003), "A Philosophy of Music Education," Prentice Hall, New Jersey, p.p: 25–40*
28. *Reimer, B. (2022), "A Philosophy of Music Education: Advancing the Vision," Prentice Hall, New Jersey, p.p: 30–55*
29. *Shklovsky, V. (1917), "Art as Technique," Russian Formalist Criticism, Moscow, p.p: 12–25*
30. *Simanjuntak, R., et al. (2022), "Cultural and Moral Values in Song Lyrics," International Journal of Humanities, Vol. 10, No. 2, p.p: 150–165*
31. *Syatriana, E., et al. (2013), "A Model of Instructional Material Development," Journal of Education and Practice, Vol. 4, No. 2, p.p: 120–130*
32. *Talaboev, K., et al. (2020), "Music and Youth Identity Formation," International Journal of Cultural Studies, Vol. 8, No. 1, p.p: 70–85*
33. *Terzioglu, A. (2022), "Music in Language Learning," Educational Research Journal, Vol. 14, No. 2, p.p: 88–102*
34. *Váradi, J. (2022), "Music and Cultural Identity," Journal of Music Education, Vol. 9, No. 1, p.p: 55–70*
35. *Welch, G. F., Biasutti, M., MacRitchie, J., McPherson, G. E., & Himonides, E. (2020), "The Impact of Music on Human Development," Oxford University Press, Oxford, p.p: 45–60*
36. *Wright, R. (2017), "Music Education and Student Engagement," Oxford University Press, Oxford, p.p: 95–120*